THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume V No. 42* Oktubre 16 - 22, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph


# 4 CHINESE, NASAWI; PHP262-M SHABU, NAREKOBER SA BUY-BUST

*sundan sa pahina 3*



## Eleazar: Delta variant, paalala sa banta ng Covid-19; hinimok ang publiko na mag-ingat

*sundan sa pahina 2*







## PULISYAPEDIA

**Ano ang John Doe Warrant?**

- Ang John Doe Warrant ay isang uri ng warrant kung saan hindi natutukoy sa nasabing warrant ang pangalan ng suspek sa isang krimen. Ang John Doe (Jane Doe kung babae) ay isang fictional name na ginagamit ng mga pulis at ibang ahensya ng pamahalaan sa mga suspek na hindi nila alam ang pangalan. Kung pagbabatayan ang Saligang Batas, sa pangkalahatan, hindi legal ang John Doe warrants, maliban na lamang kung sapat ang paglalarawan sa suspek na ito na maituturo nang tiyak kung sino siya.




## E - SUMBONG



0919-160-1752 - SMART
0917-847-5757 - GLOBE
888 - Presidential Complaints Center
911 - National Emergency Hotline

Email : e-sumbong@pnp.gov.ph
Facebook Page : facebook.com/OfficialPNPHotline
Web Portal : https://e-sumbong.pnp.gov.ph

PGEN GUILLERMO LORENZO T ELEAZAR

# Eleazar: Delta variant, paalala sa banta ng COVID-19; hinimok ang publiko na mag-ingat



Photo Courtesy: pna.gov.ph

**Hindi pa man nade-detect sa bansa, ang pagkadiskubre ng bagong subvariant ng Delta na AY 4.2 o 'Delta Plus' sa ibang bansa ay nagsisilbing paalala sa publiko na mag-ingat sa patuloy na banta ng COVID-19.**

Ang naturang variant na pinaniniwalaang mas mabilis makahawa ay mula sa European nations at sa Israel.

"Ayaw nating magdulot ng pangamba o takot sa publiko subalit magsilbi sanang paalala sa atin ang pagkakadiskubre ng subvariant ng Delta sa ibang bansa na nariyan pa rin ang banta ng pandemya. Kailangan pa rin ng ibayong pag-iingat dahil maaaring dumami na naman ang kaso ng COVID-19 kung tayo ay magpapabaya," paalala ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar.

"Makakaasa ang publiko na ang ating mga eksperto ay nakatutok sa subvariant na ito. Sa ngayon, ang tanging magagawa ng publiko ay patuloy na sumunod sa mga health protocols at makipagtulungan sa mga awtoridad at opisyal upang mapigilan ang pagkalat ng coronavirus," dagdag pa ng hepe.

Tiniyak din ni PGen Eleazar na nakahanda ang PNP sa anumang pagbabago sa border protocols upang mapigilan ang pagpasok ng subvariant sa bansa. Aniya pa, nakahanda ang PNP na gawin ang mandato nito upang makatulong sa pagpigil sa pagkalat ng iba't-ibang variants ng coronavirus.

Sa kasalukuyan, patuloy na minomonitor ng Department of Health ang Delta subvariant habang hinihintay ang karagdagang impormasyon mula sa international health organizations.

Nanawagan ang DOH sa publiko na mag-ingat at sumunod sa minimum health protocols upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 infections.

# Police visibility sa mga pampublikong lugar, paiigtingin matapos ibaba ang alert level status sa Metro Manila

**Ipinag-utos ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar sa lahat ng unit commanders sa National Capital Region (NCR) na dagdagan ang mga pulis na magbabantay sa mga pampublikong lugar kasunod ng pagbaba sa COVID-19 alert level 3 ng Metro Manila.**

Ang kautusan ay ibinaba ng hepe matapos umapela ang Department of Health (DOH) sa patuloy na pagsunod sa ipinatutupad na minimum public health safety protocol dahil sa pagdagsa ng mga tao sa mga simbahan, mall, parke at iba pang pampublikong lugar.

Nagpahayag ng pagkabahala ang DOH at health experts sa pagiging kampante ng mga tao na lumabas upang sulitin ang pagluwag ng restrictions sa Metro.

Sa ilang lugar, naobserbahan ng marami ang hindi sumusunod sa pinaiiral na protocol kahit paulit-ulit silang pinapaalalahanan ng mga tagabantay.


Photo Courtesy: untvweb.com

Ayon kay PGen Eleazar, makikipagtulungan ang PNP sa mga local government unit sa Metro Manila upang maayos na maipatupad ang minimum public health safety protocols at iba pang mga restriction na ipatutupad sa NCR.

"Natutuwa kami sa PNP na kahit paano ay bumabalik na sa normal ang sitwasyon sa ating bansa subalit hindi dapat maging dahilan ito para tayo ay maging kampante at balewalain ang health safety protocols dahil kung hindi, ang panandaliang kaligayahan na ating nararamdaman ngayon ay mauuwi na naman sa matagal na lockdown," ani PNP Chief Eleazar.

Umapela rin ang hepe sa publiko na sumunod sa mga safety health protocol upang mapigil ang pagkalat ng COVID-19.

# PNP sa publiko: Maging responsable sa pagbisita sa mga pook-pasyalan



Photo Courtesy: philstar.com

**Umapela si Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar sa publiko na maging responsable tuwing bibisita sa mga pampublikong lugar at mga pook-pasyalan matapos ipatupad ang COVID-19 Alert Level 3 sa Metro Manila.**

Ito ay matapos makatanggap ng mga sumbong ang PNP hinggil sa hindi pagsunod sa health and safety protocols ng mga bumibisita sa Dolomite Beach.

Inatasan na ni PGen Eleazar ang mga police offices at units na tiyakin ang sapat na bilang ng kapulisan sa mga pampublikong lugar upang masiguro ang maayos na pagpapatupad ng minimum health safety protocols at makontrol ang pagdagsa ng maraming tao.

"Paulit-ulit ang ating paalala sa publiko na mahigpit na sumunod sa minimum health standards lalo na kung nasa pampublikong lugar o pasyalan gaya ng Dolomite Beach. Nauunawaan ko ang kagustuhan ng ating mga kababayan na makalabas ng kanilang mga tahanan, subalit kung hindi tayo mag-iingat ay hindi malabong tumaas na naman ang kaso ng COVID-19 at mapilitan na naman ang gobyerno na maghigpit sa mga protocols," giit ni PGen Eleazar.

Dagdag pa dito, pinaalalahanan din ni PGen Eleazar ang mga pulis na ugaliin ang "maximum tolerance" lalo na sa mga mahuhuling lalabag sa umiiral na mga alituntunin.

Ibinaba sa level 3 ang alert status sa Metro Manila hanggang sa katapusan ng Oktubre matapos bumaba ang kaso ng COVID-19 sa lungsod.

Pinapayagang magbukas ang ilang establisyamento para sa mga fully-vaccinated na kostumer. Pinapayagan ang 30% capacity sa indoor venue at 50% naman sa outdoor venue basta't bakunado kontra COVID-19 ang lahat ng empleyado nito.

# 4 Chinese, nasawi; Php262-M shabu, narekober sa buy-bust



**Aabot sa P262-milyon halaga ng iligal na droga ang nakumpiska sa ikinasang buy-bust operation ng Philippine National Police Drug Enforcement Group (PDEG) at Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA) kung saan nasawi ang apat (4) na suspek noong Oktubre 18, 2021 sa Angeles City, Pampanga.**

Pinapurihan ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang matagumpay na operasyon ng PNP-DEG at PDEA, katuwang ang Armed Forces of the Philippines (AFP), National Intelligence Coordinating Agency (NICA) at Bureau of Customs (BoC).

Kinilala ang mga nasawing suspek na sina Erbo Ke, 34 anyos ng Quanzhou City, Fujian, China; Cai Ya Bing, 29 anyos ng Yuncheng City, Shanxi, China; Huang Guidong, 43 anyos ng Zhang Zhou, Fujian China; at Wuyuan Shen, 41 anyos ng Zhang Zhou, Fujian, China.

Batay sa report, bandang 10:00 AM nang isagawa ang operasyon sa Gadiola St., Punta Verde Subdivision ng Pulung Cacutod, Angeles City.

Nauwi sa engkwentro ang buy-bust operation matapos tumangging maaresto ang mga suspek na naging sanhi ng kanilang pagkamatay.

Nakumpiska ang mga awtoridad ang 38 kilo shabu na nagkakahalaga ng P262.2-milyon; apat (4) na caliber .45 pistol; at isang iphone.

Ayon kay PNP Chief Eleazar, kilalang distributor ng iligal na droga sa National Capital Region at Region 4-A ang apat na suspek.

Giit ng hepe, may kaugnayan ang mga suspek kay Basher Bangon, ang lider ng Basher Drug Group, na nasawi noong Setyembre 9, 2021 sa Cavite.

Tiniyak ni Eleazar na patuloy ang pagtutulungan ng PNP at PDEA katuwang ang ibang ahensya ng pamahalaan upang tugusin ang mga sindikato at wakasan ang bentahan ng iligal na droga.

# Interoperabilty, mahalaga para mapanatili ang matagumpay na laban kontra iligal na droga — Sermonia

**Nanawagan si Philippine National Police (PNP) Director for Operations, Police Major General Rhodel O. Sermonia sa lahat ng ahensya na sangkot sa kampanya ng gobyerno kontra iligal na droga na paigtingin pa ang interoperability capabilities at pag-isahin ang mga programa para sa matagumpay na 'war on drugs'.**

Sa kanyang pagdalo sa nationwide simultaneous deployment ng narcotics detection dogs na ginanap sa Manila Harbor Port Center Services, ng Tondo, Manila, sinabi ni PMGen Sermonia na makakamit ang 'conclusive success' kontra iligal na droga bago pa man matapos ang termino ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte kung magpupursige ang mga ahensya ng pamahalaan na pagtibayin ang kanilang ugnayan at pagkakaisa katuwang ang iba't ibang stakeholders.

Kabilang sa mga ahensya na tinutukoy ni PMGen Sermonia ay ang PNP Drug Enforcement Group (PNP-DEG), Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA), Philippine Coast Guard (PCG), National Bureau of Investigation (NBI), Bureau of Customs (BOC), at Philippine Port Authority (PPA).

Pinapurihan naman ng heneral ang PNP-DEG dahil sa inisyatibong pagdeploy ng mga narcotics detection dog sa mga pantalan. Aniya, tiwala siya na malaki ang maitutulong nito upang mabawasan ang supply at mapigil ang pagpasok ng iligal na droga sa bansa.

Dagdag pa ng heneral, hindi lang dapat sa pagpigil ng supply ng droga ang pagtuunan ng pansin kundi maging ang pagpapatibay sa ugnayan ng PNP at anti-illegal drugs councils, gawing 'fully operationalize' ang mga pasilidad ng PNP Recovery and Wellness Program, at paggamit sa lahat ng tulong na pwedeng ibigay sa mga illegal drugs personality na sumuko.

Samantala, inihayag naman ni PNP-DEG Director, Police Brigadier General Remus Medina na mayroon na silang illegal drug route o shabu trafficking flows sa bansa. Ito ay batay sa datos na nakalap sa mga nakaraang anti-illegal drugs operations.

Ayon kay PBGen Medina, ibinabiyahe ang mga iligal na droga sa iba't ibang terminal ng bus, airports, at seaports sa bansa kung kaya't nakipagtulungan sila sa Police Regional Offices, EOD/K9 Group, Maritime Group, PPA, at PCG bilang bahagi ng PNP Supply Reduction Strategy.

Dagdag pa ni Medina, nakapagdeploy na ng PNP-DEG at EOD K9 Group Team sa mga pangunahing seaport sa bansa. "Initially, we will deploy one team to South Harbor Port Area in NCR, one team in Batangas Port in Batangas, one team in Port of Lucena in Lucena City and one team in ports of Donsol, Pio Duran and Matnog in Sorsogon."

Ang team ay binubuo ng dalawang (2) imbestigador mula PNP-DEG, dalawang (2) canine handlers, at dalawang (2) narcotics detection dogs. Sila ang mag-iinspeksyon sa mga bagahe ng mga pasahero sa RORO upang maiwasan ang pagpuslit ng iligal na droga sa bansa. Bukod dito, magde-deploy din ng narcotics detection dogs teams sa mga terminal ng Victory Liner bus sa Dagupan City, Tuguegarao City, Mabalacat City Bus Complex, at Baguio City.

# Sa ngalan ng tungkulin: 3 pulis, nasawi sa Antique, Naga City



**Nangako si Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar na makatatanggap ng tulong ang pamilya ang tatlong (3) pulis na nasawi habang tumutupad sa tungkulin sa Antique at Naga City sa Camarines Sur.**

Binigyang-pugay ni PGen Eleazar si Police Staff Sergeant Elvin Agting na nasawi sa police operation sa Bugasong, Antique noong Oktubre 15; at sina Police Chief Master Sergeant Romeo Padua at Police Corporal Christian del Valle, na pawang nasawi sa Naga City noong Oktubre 16.

"On behalf of the men and women of the Philippine National Police, I express my deepest condolences to the family of Police Staff Sergeant Elvin Agting, Police Chief Master Sergeant Romeo Padua and Police Corporal Christian del Valle for their ultimate sacrifice in the performance of their duty as police public servant," pahayag ni PGen Eleazar.

"This is a sad weekend for police service, for the PNP as we grieve the death of three of our brothers in uniform. We are proud of their service to the Filipino people and we salute them for their sacrifice," dagdag pa ng hepe.

Si PSSg Agting na napatay matapos mabaril ng suspek na si Roy Jalipa na aarestuhin sana dahil sa pagpatay nito sa isang 60-anyos na Kagawad ng barangay na si Efren Florendo. Nasawi naman si Jalipa matapos gumanti ng putok ang iba pang pulis sa operasyon.

Sa Naga City, napatay si PCMS Padua habang nagpapatrolya sa kahabaan ng Caceres Street sa Barangay Dinaga.

Tinamaan siya sa likod ng metal pipe ng suspek na si Jericho Cano. Nang mawalan ng malay si PCMS Padua, kinuha ni Cano ang kanyang baril at binaril ang pulis sa ulo.

Matapos makatanggap ng report hinggil sa insidente ng pamamaril, agad rumesponde si PCpl del Valle ngunit binaril siya ng suspek nang makasalubong ito.

Agad nagsagawa ng follow-up operation ang PNP Naga na nagresulta naman sa pakamatay ni Cano.

Ito ay patunay lamang ng sakripisyo at matinding panganib na hinaharap ng kapulisan sa araw-araw upang ipatupad ang batas at matiyak ang kaligtasan ng lahat, ayon kay PGen Eleazar.

"Makakaasa ang kanilang pamilya ng lahat ng tulong mula sa amin. Saludo ang buong hanay ng PNP sa kanilang ipinakitang dedikasyon sa paglilingkod para sa ating mga kababayan," dagdag ng hepe.



# PNP CHIEF @ UR SERBIS

*Ni PGen Guillermo Lorenzo T Eleazar*

## Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan

Alinsunod sa mga programang isinasagawa ng Pambansang Pulisya bilang tulong sa ating mga kababayan, lalo na ngayong panahon ng pandemya, hindi tayo tumitigil sa pagkalinga sa ating mga kababayan upang kahit sa anumang paraan sila ay maabutan ng tulong o ayuda.

Kaugnay nito, mas lalong pinaigting ng PNP sa buong panig ng bansa ang pagsasagawa ng Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan upang mailapit ang mga serbisyong kailangan ng mamamayan. Layunin nito na maipaabot sa lahat ng mamamayan ang tulong ng pamahalaan at malaman ang kanilang mga suliranin upang ito ay mabigyan ng solusyon ng mga nakakasakop na ahensya ng gobyerno. Sa tulong ng programang ito, naipaparamdam natin ang pagkalinga at pagmamalasakit sa kanilang kalagayan at sitwasyon na lalong pinalala ng pandemya.

Sa tulong ng iba't ibang ahensya ng gobyerno at sa pakikipagtulungan ng ating mga katuwang na grupo at organisasyon, lalo nating napapaunlad at napapalakas ang "Barangayanihan" at pagmamalasakit sa kapwa. Nakikita natin ang positibong epekto ng pagtutulungan at pagkakaisa na matulungan ang ating kapwa na higit na nangangailangan. Positibo rin ang tugon ng mga pribadong sektor at organisasyon na taus-puso at handa ring umalalay sa ating mga mamamayan.

Sa pamamagitan ng National Coalition Advocacy Support Groups at Force Multipliers ay matagumpay nating naisasagawa ng iba't ibang uri ng pagtulong sa ating kapwa. Ito man ay sa pamamagitan ng relief operations, medical missions, feeding programs, livelihood programs, at anumang uri ng community outreach programs, isa lang ang ipinahihiwatig nito na tayo ay nagkakaisa at tunay na nagmamalasakit sa ating kapwa.

Ang pagtulong sa kapwa ay walang pinipiling panahon at pagkakataon. Sa pagsubok na mayroon tayo ngayon, mas lalo nating kailangan ang "bayanihan" na lalong pinatingkad ng "Barangayanihan" na sama-samang isinasapuso at isinasabuhay ng ating pamahalaan at komunidad.

# EDITORYAL

## Pagbaba ng crime rate, sanhi ng matagumpay na kampanya kontra iligal na droga

Sa pag-upo ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong taong 2016, agad niyang ipinag-utos ang pagsupil sa lumalalang problema sa iligal na droga. Sa mga unang buwan ng nasabing taon, napatunayan natin na malawak na nga ang operasyon ng iligal na droga sa bansa.

Karamihan sa mga gawaing kriminal ang may koneksyon sa droga – ang ilan sa mga ito ay maaaring "high" habang sinasagawa nila ang panghahalay o pagpatay; maaari ring dahil sa droga ay nagagawa ng iba ang magnakaw para may maipambili rito.

Higit limang taon na mula nang ilunsad ang maigting na kampanya kontra iligal na droga. Marami nang matagumpay na operasyon ang naisagawa at marami na ring mga suspek ang nahuli.

Kaakibat nga nito, marami na ring mga pulis ang nag-alay at nagbuwis ng kanilang buhay upang masiguro lamang ang kapayapaan at kalinisan sa ating mga lansangan. Isinangkalan nila ang kanilang sariling buhay alang-alang sa ngalan ng serbisyo at paniniwalang magiging matiwasay muli ang ating pamayanan.


Marami na rin ang nabago ang buhay lalo na sa mga boluntaryong sumuko at sumailalim sa drug rehabilitation and reformation na nilikha sa tulong ng mga lokal na pamahalaan. Nasaksihan natin kung gaano karami ang mga gumagamit ng iligal na droga na boluntaryong nagreport at pumunta sa istasyon ng pulis sa kani-kanilang lugar. Ang pangyayaring ito marahil ang lalong nagpatotoo sa mga hinuha at mga survey na malalim na nga ang problema sa iligal na droga noong taong 2016.

Ngayon nga masasabi nating malayo na rin ang narating ng pambansang pulisya sa paglaban nito sa iligal na droga at sa lahat ng uri ng kriminalidad. Bumaba halos lahat ng krimen na nangyayari sa bansa gaya ng pagnanakaw, carnapping, robbery-hold up at motorcycle theft. Pumalo na sa 64% ang ibinaba ng antas ng kriminalidad sa bansa mula nang manungkulan si Pangulong Duterte.

Hindi rin pwedeng palagpasin ang tulong at suporta ng mga people's organization at advocacy groups sa pambansang pulisya. Maraming mga grupo ang nakikipagtulungan sa pambansang pulisya lalo na sa mga programa nito kontra kriminalidad.

Tuloy-tuloy parin ang pambansang pulisya sa maigting na pagpapatupad nito ng mandato na pumrotekta at magsilbi. Hindi ito titigil dahil lamang sa mga sinasabi ng iilang kritiko na laging pinipintahang abusado ang mga pulis. Nawa'y maliwanagan ang kanilang kaisipan na isa sila sa tumatamasa sa tagumpay ng operasyon kontra iligal na droga.

Makakaasa ang publiko na paghuhusayan pa ng mga pulis ang kanilang pagtupad sa sinumpaang tungkulin bitbit ang sakripisyo ng kanilang mga kapatid sa serbisyo at ang lubos na suporta ng mamamayang Pilipino na pinagbubuklod ng hangaring magkaroon ng matiwasay at progresibong lipunan.




# THE PNP CORRESPONDENT

*Ni: PEMS Eric B. Fernandez*

## PNP Chief, PGen Guillermo Lorenzo Eleazar, nanguna sa pagbibigay-parangal para sa natatanging pulis sa Camp Crame

Nanguna si Philippine National Police Chief, PGen Guillermo Lorenzo T Eleazar sa pagbibigay-parangal para sa mga natatanging pulis na nagpamalas ng kanilang magandang accomplishments kasabay ng Modified Flag Raising Ceremony sa PNP National Headquarters sa Camp BGen Rafael Crame sa Quezon City.

Kabilang sa mga pinagkalooban ng "Medalya ng Kagalingan" ay ang mga magigiting na miyembro ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) na kinabibilangan nina PCol Redentor C Ulzano; PLtCol Berlito C De Guzman; PEMS Demetrio S Magpali, Jr.; PCMS Roy R Iguin; at si Patrolwoman Janine S Brecia.

Nakapaloob sa nasabing programa at parangal ay ang kanilang "PNP Good Deeds and Significant Accomplishment particularly on their courageous act of gallantry and devotion to duty during the successful arrest of Haji Oczon Dela Rosa alias 'Gil' on April 19, 2021 at No. 414 Tengco St., Brgy. 106 Pasay City for the Crime of Rape docketed under Criminal Case No. 14773 with no bail recommended. Arrested wanted person is Top 38 DI-Listed National Level Most Wanted Persons dated March 14, 2021 with Php140,000 Monetary Reward for his arrest covered under DILG Memorandum Circular No. 2012-022."

Punuri naman ni PGen Eleazar ang mga magigiting na pulis ng CIDG dahil sa kanilang magandang accomplishments kalakip din nito ay ang kanyang pagbati at mensahe na manatiling tapat sa kanilang tungkulin at lalo pang paigtingin ang kanilang kampanya laban sa mga kriminal partikular ang mga matagal ng nagtatago sa batas o ang mga tinaguriang Most Wanted Persons sa bansa.

# EDITORIAL BOARD

**PGEN GUILLERMO LORENZO T. ELEAZAR**
*Chairman*

*Editorial Consultant*
**PMGEN BARTOLOME R. BUSTAMANTE**

*Editor-In-Chief*
**PBGEN ERIC E. NOBLE**

*Executive Editors*
**PCOL EDUARDO C. ABADAY**
**PCOL MARCIAL MARIANO P. MAGISTRADO IV**
**PCOL ROGELIO P. SIMON**

*Business Manager*
**PLTCOL AIZA ZITA S. SAN ANTONIO**

*Managing Editors*
**PCOL BOOTS M. ASEO**
**Ms. Evelyn Duremdes-Barz**

**PLT NOMER B. MACARAIG *PLT MYLEEN D. LACAMBRA *PCpl Josephine T. Blanche *PCpl Romulo Cleve M. Ortenero *PCpl Alona Faith L. Edas *PCpl Melody L. Pineda *PCpl Mary Metche A. Moraera *PCpl Carla Mae P. Canapi *Pat Jenny T. Beltran *NUP Emma Kris D. De Guzman *NUP Loreto B. Concepcion**
*Writers/Researchers*

**PSMS Janice C. Arenas *NUP Leonito C. Navales**
*Photographers*

*In-Charge of Circulation*
**PCMS Ronald V. Condes *PSMS Rosie B. Gonzalo *PCpl Rei Austin R. Manahan *Pat Jersen Christopher L. Yalong**

**PLT RALPH KESTER S. RAGAZA**
**PMSg Butch L. Berden**
**PSSg Alan Czar A. Santos**
*Cartoonists*

**Mr. Roy S. Gonzalez**
**Mr. Ralph Evan S. Gonzales**
*Graphic/Layout Artist*

**AGSPRINTADD**
*Publisher*

Editorial Office: Police Community Affairs and Development Group
Email Add: pnppublications@yahoo.com / pulisserbisbalita@gmail.com
Tel. No.: (02) 723-0401 local 3453

# TRANSFORMATIONAL LEADERSHIP

*Ni: PCpt Fulgencio M Cañon, Jr*

## NAIHANDA MO NA BA SILA?

Mapagpalang araw po sa inyong lahat. Nawa ay nasa mabuti po kayong kalagayan habang binabasa niyo po ang aking kolum. Batid natin, na may mga bakunang nagawa ang mga siyensista at eksperto upang mapigilan ang paglala at paglaganap ng COVID-19. Patuloy pa ring sinasagawa ang pag-aaral ng tamang lunas o gamot sa pandemyang COVID-19. Sa kabila nito, ay may mga variant ng COVID-19 mula sa ibang bansa na sinasabing mas matindi ito at mas mabilis na kumalat.

Ang pagbaba ng bilang ng may karamdamang COVID-19 ay isang indikasyon ng paghahanda natin sa bagong yugto ng ating buhay "new normal life". Sa paglabas ng ating tahanan ay may suot pa ring face masks, may social distancing, thermal scanning, regular hand washing at iba pa. Ang pagbubukas ng mga negosyo sa publiko ay nagbibigay ng pag-asa sa ating mga kababayan upang makabangon muli sa pagkakalugmok. Ang mga pagtitipon ay pinahihintulutan na rin ng may limitadong bilang at pagsunod sa panuntunang itinakda ng IATF. Marami ang natutuwa sa new normal life sa ating bansa. Mayroon din namang hindi masaya at sinasabing puro pahirap sa mamamayan ang batas na pinaiiral.

Ang pandemyang COVID-19 ay nagdulot sa ating ng iba`t-ibang karanasan. Bilang "lingkod ng bayan," bahagi ng ating tungkulin ang pagpapanatili ng kapayapaan at pagtiyak ng seguridad ng ating mamamayan. Sa pagtugon sa ating tungkulin, hindi tayo nag-atubili na pumunta sa opisina araw-araw, magbantay sa Quarantine Check-Points, magsuot ng PPE para sunduin ang mga COVID-19 positive at ihatid sa Quarantine Facilities, pagpunta sa mga pasyente upang alamin ang kanilang kalagayan at paghahatid ng pagkain. Kahit alam natin na tayo ay maaaring tamaan ng COVID-19 anumang oras. Kaya pag-uwi ng bahay ay naliligo kaagad, nakahiwalay sa mga anak para huwag mahawa ng COVID-19. May mga kasama tayo na malakas at ng tamaan ng COVID-19 ay binawian ng buhay. Ito marahil ay nagdulot sa atin ng pangamba at iniisip natin na baka isang araw "carrier" na rin tayo at mahawaan ang ating mahal sa buhay. Ang swab ay 24 oras lang at kailangang mag swab ulit para malaman kung negatibo ka. Walang katiyakan at kahit nga may bakuna na ay maaari pa ring magkasakit. Gayunpaman, naglilingkod tayo para sa kapakanan ng ating mamamayan! Saludo ako sa iyong kagitingan!

May tatay o bread winner ang pumanaw dahil sa COVID-19 o ibang kadahilanan. Ano ang magiging epekto nito sa kanyang pamilya? Marahil sa ganitong sitwasyon ay hindi nila alam ang gagawin. May panahon sa pagluluksa at panahon upang harapin ang panibagong yugto ng buhay.

Hindi natin alam kung hanggang kailan tayo mabubuhay sa mundong ito. Lahat naman tayo ay may pangarap at nais na makamit sa ating buhay. Habang isinasagawa natin ito ay mainam na ihanda natin ang mga taong nakapaligid sa atin. Ituro sa mga anak ang bagay na mabuti at nararapat, upang sa pagdating ng panahon ay may pakinabang sa kanila.

"Ituro sa bata ang daang dapat niyang lakaran, at hanggang sa paglaki'y di niya ito malilimutan." Kawikaan 22:6

"Kaya kayong mga lalaki, mahalin ninyo ang inyong asawa gaya ng pagmamahal ninyo sa inyong sarili. At kayong mga babae, igalang ninyo ang inyong asawa." Efeso 5:33 (ASND)


Mahalin ang asawa at ipadama ito habang tayo ay malakas pa.

Naihanda mo na ba ang iyong pamilya, na dumating man ang hindi natin inaasahan ay matutustusan pa rin ang kanilang pangangailangan? Mananatili ba silang matatag na harapin ang buhay?

Kung ay tugon natin ay opo, salamat po! Naituro ko na po ang dapat malaman ng aking mga anak. Nagawa ko po ang aking tungkulin sa aking asawa. Nagampanan ko po ng tapat ang aking tungkulin. Ito ay dahil sa biyaya ng Panginoong Diyos. Tinuruan at ginabayan Niya ako sa pamamagitan ng "Banal na Kasulatan."

"Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw." Awit 119:105

Sa Diyos ang Papuri!




## Top 7 Most Wanted ng Rehiyon Dos, arestado

**Nadakip noong Oktubre 20, 2021 ang isang lalaki na itinuturing na Top 7 Most Wanted sa Rehiyon Dos dahil sa kasong panggagahasa sa Aparri, Cagayan.**

Matapos magtago ng mahagit 20-taon sa batas, nahuli ang suspek na si alyas Jayson, 41 anyos, at residente ng Barangay Maura, Aparri, Cagayan.


Dinakip ng Aparri Police Station ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na inisyu ni Hon. Antonio Laggui ng RTC Branch 38, Aparri, Cagayan noon pang Nobyembre 10, 1999.

Si alyas Jason ay kasalukuyang nasa kustodiya ng PNP Aparri para sa dokumentasyon at tamang disposition.

Samantala, pinuri ni PBGen Steve Ludan, Director ng Police Regional Office 2, ang pagkakahuli sa suspek.

"Mas lalo pa nating paiigtingin ang mga operasyon kontra kriminalidad upang mahuli at makulong ang mga taong lumabag sa batas," pagtitiyak ni PBGen Ludan.

Hinihikayat din ni PBGen Ludan ang taumbayan na maki-isa at makipagtulungan sa mga programa ng PNP kontra kriminalidad at agad ipagbigay-alam sa pinakamalapit na istasyon ng pulisya ang anumang impormasyon na maaaring makatulong sa pagpapanatili ng seguridad sa kanilang komunidad.



# Marawi City heroes, binigyang-pugay sa 4th Liberation Anniversary ng lungsod



**Personal na dumalo si Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar sa pagdiriwang ng 4th Liberation Anniversary ng Marawi City noong Oktubre 16.**

Sa kanyang mensahe, binigyang-pugay ni PGen Eleazar ang security forces at ang mga residente ng Marawi City dahil sa kanilang sakripisyo at pakikipaglaban upang mabawi ang lungsod mula sa kamay ng ISIS-inspired Maute at Abu Sayyaf noong 2017.

"Today, as we remember that moment when Marawi City was declared free from months-long siege of our enemies, the more than 222,000 men and women of the Philippine National Police are with us in honoring those sacrifices," wika ni PGen Eleazar.

Umabot sa 1,000 katao ang nasawi sa limang (5) buwang giyera sa Marawi City, kabilang dito ang nasa 160 sundalo at pulis, at 47 na sibilyan.

Sa kabila nito, iginiit ni Eleazar na naiwan ang bakas ng tapang at sakripisyo ng ating mga kababayan na lumaban para makamit ang kalayan at kapayapaan hindi lamang sa Marawi kundi sa buong bansa.

"Sacrifice and courage that transcend religious beliefs, sacrifice and courage that go beyond cultural borders, and sacrifice and courage that should always remind us that whatever our differences, we are all Filipinos under one flag and one Republic," dagdag ng hepe.

Idineklara ni Pangulong Rodrigo Duterte ang kalayaan ng Marawi City mula sa mga teroristang grupo noong October 17, 2017. Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang isinasagawang rehabilitasyon ng pamahalaan sa Marawi City.





# PNP, tumanggap ng 60 body-worn cameras mula PSSLAI








**Tumanggap ang Philippine National Police (PNP) ng 60 body-worn camera units at iba pang kagamitan mula sa Public Safety Savings Loan Association Inc. (PSSLAI) upang mas mapahusay ang operational capability ng pulisya.**

Ayon kay PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar, makatutulong rin ang donasyong BWCs upang mapaigting ang transparency at accountability ng mga pulis sa kabila ng mga hinala at espekulasyon na ibinabato sa organisasyon sa mga nakaraang taon, lalo na sa kampanya kontra iligal na droga.

Ang mga body-worn camera ay ipamamahagi sa Criminal Investigation and Detection Group (CIDG), Anti-Cyber Crime Group (ACG), Anti-Kidnapping Group (AKG), PNP Drug Enforcement Group (PDEG) at PNP Integrity Monitoring Group (IMEG).

Bukod dito, nagbigay din ang PPSLAI ng isang (1) Toyota Innova, 10 computers, 13 printers, 11 scanners, tatlong (3) shredder at isang (1) photocopy machine.

Nagpahayag naman ng pasasalamat si PGen Eleazar sa Board of Trustees at pamunuan ng PSSLAI sa pangunguna ni PSSLAI Chairman at CEO Atty. Lucas M. Managuelod.

"The continuous support of the PSSLAI to the PNP is a clear proof that they have been with us in achieving our goal of not only improving our operational capability but also to improve our services to the Filipino people because this is what police service is all about—to win the trust and respect of our kababayan," ani PGen Eleazar.

Hunyo ng kasalukuyang taon nang inilunsad ng PNP ang body-worn camera system kung saan 2,696 BWCs ang ipinamahagi sa 171 city police stations at offices sa buong bansa.

Bagamat 30,000 BWCs pa ang kailangan ng PNP para mabigyan lahat ng istasyon at yunit ng pulisya, nangako si PNP Chief na gagawin ng ahensya ang mandato nito sa abot ng kanilang makakaya upang matiyak ang kapayapaan at kaayusan ng ating bansa.

# Museo ng Pambansang Pulisya, muling pinasinayaan



**Pinangunahan ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang muling pagpapasinaya sa PNP Museum noong Oktubre 20, 2021 sa Kampo Crame.**

"The PNP Museum evokes an essential part of the premier police agency which makes this occasion extraordinary. It signifies the rich history and traditions of law enforcement as well as the courage, sacrifices, and triumphs of the police force from generation to generation," pahayag ng hepe sa kanyang mensahe.

Aniya, isang malaking karangalan ang maging parte ng naturang okasyon na magsisilbing paalala sa lahat ng Pilipino sa mayamang kasaysayan ng PNP.

"We are here in part because of you and because of all police officers and Non-Uniformed Personnel in the glorious past that kept the dream of this museum alive. The PNP museum remains a symbol of hope, inside and out," saad ni PGen Eleazar.

"And most importantly, what this museum shows us is that, even in the face of challenges, even in the midst of our uphill battle against COVID-19 pandemic, the PNP continuously exhibits extraordinary brand of resilience and courage just as how our forebears laid down their lives and fought relentlessly so that the Filipino people can enjoy peace and security," dagdag pa niya.

Samantala, naging matagumpay ang pagsasaayos at muling pagpapasinaya sa PNP Museum sa tulong ng Tagapagtaguyod ng Sining at Kultura ng Pilipinas.



# Php4.8-M benepisyo hatid ng Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan sa Isabela



**Nakatanggap ng mahigit Php4.8-milyon halaga ng benepisyo ang 2,509 na Isabelino sa isinagawang Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan Towards National Recovery sa lalawigan ng Isabela kahapon, Oktubre 19, 2021.**

Pinangunahan ni Police Brigadier General Steve Ludan, Regional Director ng Police Regional Office 2, kasama si Police Colonel James Cipriano, Provincial Director ng Isabela Police Provincial Office, ang pamamahagi ng mga grocery items sa mga residente ng Aurora at Cauayan City, Isabela.


Namahagi din ng 20 negosyo carts at bolo na mula sa Department of Labor and Employment (DOLE), at 50 bags ng hybrid rice seeds, fertilizer assistance, hybrid corn seeds, at 20 packs ng iba't ibang vegetable seed naman ang ipinamahagi ng Department of Agriculture.


Samantala, nagsagawa rin ng profiling ang Public Employment Service Office para sa Emergency Employment na nagkakahalaga ng P4-milyon.


Nagkaroon din ng medical mission, feeding program, free haircut, tree planting, at pamamahagi ng 200 pirasong face mask, 200 pirasong face shield, 50 pirasong flash light, 50 pirasong bag, 100 bote ng alcohol, at mga bitamina.


"Ang programang Duterte Legacy: BARANGAYanihan Caravan Towards National Recovery ay isang patunay na ang gobyerno ay laging handang tumulong at umagapay lalong lalo na sa panahon ng krisis at kalamidad," ani PBGen Ludan.


Ang naturang programa ay matagumpay na naisagawa sa tulong ng Officers' Ladies Club, Crime Laboratory, Highway Patrol Group, Regional Health Unit 2, City Local Government Office, Department of Labor and Employment, National Intelligence Coordinating Agency, National Commission on Indigenous People Department of Agriculture, Public Employment Service Office-Cauayan, City Environment and Natural Resources Office, Local Government Unit ng Isabela, Kaakibat Civicom Int'l Inc. (Luzon 157 Cauayan Chapter) at mga miyembro ng National Coalition of Lingkod Bayan Advocacy Support Groups and Force Multipliers.



# BANTAYOG NG KAGITINGAN

*Ni: PLt Robert Fabregas*

## Sa paskong darating, alaala mo na lamang ang kapiling

Ang mga holdaper ay salot ng lipunan. Sapilitang kinukuha ang ari-arian ng isang tao at kadalasan ay gumagamit nang dahas upang tangayin ang mga bagay na kanilang gusto. Wala ring halaga sa kanila ang buhay ng kanilang kapwa tao. Materyal na bagay lamang ang mahalaga para sa kanila.

Tungkulin naman ng isang Pulis ang ipagtanggol at protektahan ang mamamayan laban sa krimen, sa mga holdaper at sa lagim na inihahasik ng terorismo. Malinaw ang misyon na ito kay Police Executive Master Sergeant (PEMS) Roel Candido, 53 anyos, may-asawa at nakatalaga sa Meisic Police Station 11 ng Manila Police District. Isang misyon na handa niyang itaya ang kanyang buhay upang ipagtanggol ang mamamayan laban sa mga kriminal.


September 19, 2020, bandang alas 5:40 ng hapon sa kahabaan ng Florentino St., Sta Cruz, Maynila, naganap ang isang pangyayari na humamon sa komitment ni PEMS Candido bilang isang alagad ng batas. Sakay ng isang kotse ang may-ari ng isang jewelry shop na si Catherine King, 43 anyos; Vibsia Caneta, 20 anyos; at Sulficio Pisngot, 63 anyos nang biglang humarang sa kanilang daraanan ang isang kotseng Mirage na kulay pula. Lumabas ang tatlong lalaki mula sa sasakyan at agad na pinagbabaril ang behikulo ng tatlong biktima.

Kitang-kita ni PEMS Candido ang nagaganap na pamamaril na nagkataong nandoon din sa lugar at nakasakay sa kanyang motorsiklo. Bilang isang alagad ng batas, hindi siya nag-atubili na saklolohan ang mga tinambangan. Hindi niya napansin ang mga suspek na estratehikong nakaposisyon na sa paligid. Pinagbabaril ng mga holdaper ang pulis na tinamaan sa ibat-ibang bahagi ng katawan. Umagos ang dugo ni PEMS Candido sa lansangan ng Maynila na ilang dekada niyang ipinagtanggol laban sa mga kriminal. Hindi pa nakuntento sa ginawang pamamaslang, kinuha pa ng isang holdaper ang service firearm ni PEMS Candido.


Tinangay din ng mga kriminal ang tatlong bag sa loob ng kotse na nauna nang hinarangan. Naglalaman ang mga ito ng perang kinita mula sa jewelry shop, cellular phones at mga personal na gamit. Tumakas sa direksyon ng Soler Street ang mga holdaper.


Isinugod agad sa ospital ang tatlong sakay ng kotse upang malapatan ng lunas. Naiwan sa lansangan ang bangkay ni PEMS Roel Candido, isang pulis at ama ng tahanan na naliligo sa sariling dugo. Dugo niya ang ipinanghugas sa dumi at alikabok ng aspaltadong gubat, dugong pinag-alab nang adhikaing ipagtanggol ang buhay at kapakanan ng mamamayan.

Iniwan ni PEMS Candido ang kanyang mahal na asawa at mga anak na ang tanging mayayapos ngayong darating na Pasko ay ang walang hanggang pagmamahal ng isang ama at mga masasayang alaala nang pagkalinga at pagmamahal sa Diyos, Bayan at Pamilya!




# 2 Most Wanted, huli sa Laguna at Cavite




**Arestado ng mga operatiba ng Ermita Police Station ang kanilang 3rd Most Wanted Person para sa 4th Quarter 2021 noong Oktubre 17, 2021 sa Site 3, Barangay Dayap, Calauan, Laguna.**

Ang inaresto ay kinilalang si Joyce Garbo y Tolentino alyas Phale, 31 taong gulang, walang asawa at residente ng #1266 Ducepec St., Paco Manila.

Si Garbo ay naaresto ng pinagsanib na operatiba ng Intelligence Section at Station Warrant/Subpoena Server na pinangunahan ni PLt Veronica F. Apresurado, Chief, Intelligence Section sa ilalim ng superbisyon ni PLtCol Evangeline B. Cayaban, Station Commander, sa isinagawang manhunt operation laban kay Garbo na may Warrant of Arrest na inilabas ni Hon Phrincess Ma Bajarias-Bermogeno, Acting Judge ng RTC BR 48, Manila, docketed sa Criminal Case No. R-MNL- 19-01764-CR, R- MNL-19-1765-CR, R-MNL-19-01770-CR sa paglabag sa Sec. 5 (b) ng RA 7610 at Art. 266-A Par 2 ng RPC na amended ng RA 8353 (Rape) at walang rekomendadong piyansa.

Si Garbo ay kasalukuyang nakakulong sa Custodial Facility ng Ermita Police Station 5 habang hinihintay ang pagbalik ng kanyang Warrant of Arrest sa korteng humahawak para sa wastong disposisyon.

Samantala, ang No. 11 Top Most Wanted Person ng Marikina CPS ay naaresto ng pinagsamang operatiba ng Eastern Police District - District Special Operations Unit (lead unit) kasama ang DID, Intelligence Unit at Warrant Section ng Marikina CPS.

Ayon sa ulat na isinumite ni PCol Benliner Capili, Acting Chief ng Police, ang akusado na kinilalang si Richard Andan y Corpuz, 23 taong gulang, ay naaresto noong Oktubre 16, 2021 sa Block 23, Lot 7 Golden St. Castillion Homes, General Trias, Cavite.

Bago ang operasyon, nakipag-ugnayan ang operatiba sa Cavite PPO at General Trias Sub-Station. Sa pagdating, ang mga operatiba ay nagpakilalang mga pulis, ngunit, biglang tumakbo ang akusado at umakyat sa ikalawang palapag ng kanyang tirahan kaya't hinabol siya ng mga operatiba hanggang ito ay mahuli.

Ngunit doon, ang dalawang kapatid ng akusado ay nakialam at sinubukang agawin ang service firearm ng umaarestong pulis. Sa kabutihang palad, sila ay nagawang mapigilan ng ibang kasamang pulis.

Ang akusado ay dinala sa Marikina CPS habang ng mga kapatid na sina Almario Andan at Robin Andan ay nasa kustodiya na ng General Trias Police Station. Mga kaso ng obstruction of Justice, Direct Assault at Resistance at Disobedience to Agents of Persons in Authority ang inihahanda laban sa akusado at sa mga kapatid nito.

Pinapurihan ni PMGen Danao ang nagawa ng Ermita Police at Marikina City Police Station at ang koordinasyon ng mga operating unit.

"Hindi po tayo mapapagod na hanapin ang mga kriminal na nagtatago sa batas saan mang sulok ng bansa. Humihingi po kami ng tulong sa ating mga mamamayan na iparating sa amin ang kanilang nalalamang nagtatago sa batas at asahan ninyo na agad namin itong ibeberipika at aaksyunan," sabi ni PMGen Danao. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# Most Wanted sa kasong panggagahasa, arestado

**Naging matagumpay ang pag-aresto ng Pasay City Police Station sa ilalim ni PCol Cesar G. Paday-Os, Chief of Police, ang 11th Most Wanted Person sa 4th Quarter ng CY 2021 noong Oktubre 18, 2021 sa Balagtas St., Pasay City.**

Ang pag-aresto ay naganap matapos gumawa ang mga operatiba ng surveillance at monitoring sa kinaroroonan ng mga suspek. Matapos ang validation, nahanap din nila ang akusado at isinilbi ang Warrant of Arrest.

Ang inaresto ay kinilalang si Valentine Jarabelo Y Manangan, 39 taong gulang, may asawa, construction worker at residente ng Lot 7 Acacia St., Grand Royale, Brgy Pinagbakahan, Malolos, Bulacan. Siya ay inaresto sa kasong Multiple Statutory Rape docketed sa CC No. R-PSY-19-02739-CR inilabas ni Hon. Bonifacio S Pascua, Acting Presiding Judge ng RTC Branch 113, Pasay City noong Hulyo 8, 2019.

Ang akusado ay nasa kustodiya ng Pasay City Police Station habang hinihintay ang pagbalik ng WOA sa naglabas na korte. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

## Karnaper sa Caraga, sumuko matapos magtago

**Bulontaryong sumuko sa San Agustin Municipal Police Station (MPS) ang isang suspek na may nakabinbing Warrant of Arrest para sa kasong Carnapping noong Oktubre 19, 2021.**

Kinilala ang suspek na si Roselier Gomez Ramos, 56 anyos, isang magsasaka at residente ng Sitio Hamburger, Gata ng San Agustin, Surigao del Sur.

Batay sa imbestigasyon, si Ramos na nagging kasabwat sa pagnanakawa sa isang van na nagkakahalaga ng P1.5-milyon noong Pebrero 2020 sa Barangay Lipata, Surigao City.

Ang nakaw na sasakyan ay pagmamay-ari ng Miner's Global Corporation na inaasahang babalik sa Manila matapos maghatid ng appliances sa Davao City ngunit bigong makarating sa destinasyon nito.

Kasalukuyan pang pinaghahanap ng PNP Caraga ang dalawa (2) pang kasamahan ni Ramos.

# High Value Target, huli sa Eastern Samar




**Huli ang isang (1) High Value Target sa iligal na droga sa isinagawang buy-bust operation sa pinagsamang pwersa ng PNP at PDEA sa Eastern Samar noong Oktubre 16, 2021.**

Nahuli sa nasabing operasyon ng PDEA VIII - ESPO, ESPPO-PDEU at Mercedes MPS si Rommel Esmeña y Sabarillo @ Omel na isang (1) High Value Target sa Brgy. Palamrag, Mercedes, Eastern Samar.

Nakumpiska mula sa suspek ang apat (4) na sachet ng shabu na may bigat na 0.1272 gramo base sa Chemistry Report ng PDEA RO8-21-0257 na nagkakahalaga ng Php864.00 Pesos.

Nahaharap ang suspek sa kasong paglabag sa Sections 5 at 11 Art II ng RA 9165 na pansamantalang nakakulong sa Mercedes Detention Facility.

# 6 wanted sa illegal gambling, huli sa Cagayan

**Huli sa magkakahiwalay na operasyon ng Tuguegarao City Police Station ang anim (6) na indibidwal na nahaharap sa kasong illegal gambling o paglabag sa Presidential Decree 1602 noong Oktubre 18, 2021.**

Sabay na dinakip sa Barangay Annafunan East, Tuguegarao City, Cagayan sina alyas Enteng, 65 taong gulang; at alyas Cardo, 61 taong gulang, retiradong empleyado ng gobyerno, kapwa mga residente ng nasabing lugar.

Kasunod nito, nahuli naman sina alyas Pedro, 44 taong gulang; alyas Joben, 33 taong gulang; at alyas Jenny, 29 taong gulang, pawang mga residente ng Addun Compound, Linao East, Tuguegarao City.

Naaresto din sa Barangay Annafunan East ng lungsod si alyas Jopay, 41 taong gulang, at residente ng Barangay Caritan Highway, Tuguegarao City.

Dinakip ang mga suspek sa bisa ng Mandamiento de Arresto na inisyu ni Hon. Rene Beltran-Baculi, Presiding Judge ng Municipal Trial Court, Branch 2, Tuguegarao City, Cagayan noong Oktubre 8, 2021.




Ang mga naarestong suspek ay kasalukuyang nasa kostudiya ng Tuguegarao City Police Station para sa dokumentasyon at tamang disposisyon.

# Suspek sa kasong Attempted Qualified Theft, arestado

**Arestado ang isang (1) suspek sa Attempted Qualified Theft sa ikinasang joint operation ng Anda Police Station at Pangasinan Intelligence Unit, Pangasinan Police Provincial Office sa Sitio Sanicolas, Brgy. Poblacion, Anda, Pangasinan noong Octubre 18, 2021.**

Kinilala ang suspek na si Asuero Aspa y Caniedo, 72 taong gulang, may asawa, magsasaka at residente ng Sitio Sanicolas, Barangay Poblacion, Anda, Pangasinan.

Naaresto ang suspek sa bisa ng Warrant of Arrest na inilabas ni Hon. Marlon N. Ramos, Presiding Judge, Municipal Trial Court, First Judicial Region, Anda, Pangasinan noong Oktubre 28, 2019 sa kasong Attempted Qualified Theft na may Criminal Case Number 1578 at may rekomendadong piyansa na Php15,000.

Ang suspek ay nasa kustodiya na ng Anda Police Station para sa tamang dokumentasyon at disposisyon.




# 3 suspek sa Robbery, timbog sa Novaliches



**Tatlong (3) suspek sa kasong robbery ang inaresto sa Bana Compound, Brgy. San Bartolome Novaliches, Quezon City noong Oktubre 18, 2021.**

Pinapurihan ni PMGen Vicente D. Danao, Jr. ang Police Station 4, Novaliches, Quezon City Police District (QCPD) sa kanilang mabilis na follow-up operation na nagresulta sa pagkakaaresto ng tatlong (3) suspek na kinilalang sina Allan Panao y Nibrel; Carlite Belizon y Banaag; at Rolando Justo Y Versoza.

Sa inisyal na imbestigasyon, lumabas na ang biktima na kinilalang si Roger Nava y Pollosco, 52 taong gulang, ay naglalakad pauwi nang siya ay harangin ng tatlong (3) suspek na may dalang patalim at pwersahang kuhanin ang kanyang pera na nagkakahalaga ng Php8,000, relong Seiko 5 na nagkakahalaga ng Php7,000 at flashlight na nagkakahalaga ng Php180.00.

Dahil doon ay nasaksak ni Panao ang biktima sa kanang kamay kaya't ito ay mabilis na tumakbo papunta sa Sub-Station 3, Novaliches PS para isalaysay ang insidente.

Isang follow-up operation ang isinagawa na nagresulta sa pag-aresto sa mga suspek at pagkakabawi sa relo ng biktima.

Ang mga naaresto kasama ang ninakaw na bagay ay dinala sa Novaliches Police Station para sa wastong disposisyon at dokumentasyon. *(NCRPO-PIO / Isinalin sa Tagalog ni NUP Loreto B. Concepcion)*

# 4 kasapi ng NPA, sumuko sa pulisya matapos tumiwalag sa kilusan



**Apat (4) na aktibong miyembro ng teroristang NPA ang walang agam-agam na sumuko bitbit ang kani-kanilang mga armas sa mga tauhan ng 3rd Platoon ng Camarines Norte 1st Provincial Mobile Force Company (CN 1st PMFC) nitong Oktubre 21, 2021.**

Ang pagbabalik loob sa pamahalaan ng grupo ay pinangunahan ni Ka "Adoy", 44 anyos, isang magsasaka. Isinuko nito ang kanyang armas na kalibre .38, walang serial number na naglalaman ng anim (6) na bala.

Kasamang sumuko sina Ka "Owen", 35 anyos, isang magsasaka bitbit ang kanyang .45 pistol na naglalaman ng isang (1) magazine, anim (6) na bala para sa nasabing baril at apat (4) pang magazine para sa kalibre 5.56 na may 44 na bala at isang bandolier; Ka "King", 27 anyos, isang mangingisda, may dalang caliber .45 pistol, isang (1) magazine at anim (6) na bala para sa kalibre .45 at 22 bala para sa shotgun; at si Ka "Ikong", 32 anyos, isang construction worker, isinuko ang kalibre .38 na baril na naglalaman ng anim (6) na bala at apat (4) na pirasong Improvised Explosive Devices (IEDs).

Ang mga sumukong rebelde ay pawang mga residente ng Mobo, Masbate at mga miyembro ng Larangan 1 (L1), Bicol Regional Party Committee (BRPC), Komiteng Probinsya 4 (KP4), Komiteng Larangan Guerilla 1 (KLG1) at ng Rehiyon Yunit Guerilla (RYG) na nagsasagawa ng operasyon sa probinsya ng Camarines Norte.

Ang pagsuko ng mga nabanggit na personalidad ay resulta ng malawakan at walang humpay na operasyon ng buong hanay ng kapulisan sa Bicol Region katuwang ang Armed Forces of the Philippines (AFP). Naisakatuparan ito sa pamamagitan ng kaliwa't kanang programa sa ilalim ng Retooled Community Support Program sa mga Geographically Isolated and Disadvantage Areas (GIDAs) at sa maigting na Counter White Area Operation ng kapulisan na mabisang panghikayat sa mga nalinlang ng mga teroristang NPA.

Nagpasyang sumuko sa pamahalaan ang apat (4) na dating rebelde dahil sa mga pangakong-napako gaya ng pagbibigay ng maayos at matahimik na pamumuhay, hindi makataong pamamalakad at ang maling pagtrato sa kanilang samahan.

Tutulungan sila upang mapabilang sa Enhanced Comprehensive Local Integration Program o ECLIP ng gobyerno para mabigyan ng panibagong pagkakataon na mamuhay ng matahimik at payapa kasama ng kanilang mga pamilya.

Ang pagsukong ito ng mga teroristang NPA ay patunay lamang na unti-unti ng namumulat ang mga rebelde sa kanilang mga maling paniniwala at buo na ang kanilang loob na magbalik sa pamahalaan.

# 3 miyembro ng CTG sa Central Luzon, nagbalik-loob sa gobyerno

**Sa patuloy na pagsisikap ng pamunuan ng Police Regional Office 3 sa pagsuporta ng programa ng pamahalaan kontra insurhensya ay nahikayat nilang sumuporta at magbalik-loob sa gobyerno ang tatlong (3) miyembro ng CTG sa Tarlac at Olongapo City noong Oktubre 19, 20 at 21 ng taong kasalukuyan.**

Inihayag ni PBGen Valeriano T De Leon, Regional Director, ang pagkakakilanlan ng mga nagbalik-loob na sina "Ka June", 27 taong gulang, garbage collector at residente ng Sitio Banquireg, Barangay Iba, San Jose, Tarlac; "Ka Kalis", 52 taong gulang, magsasaka at residente ng Purok 5, Barangay Bilad, Camiling, Tarlac; at "Ka Battery", 50 taong gulang, magsasaka at residente ng Barangay Dolores, Cabangan, Zambales.

Pinangunahan ng 1st PMFC TPPO, 2nd PMFC, PIU Tarlac, 3rd Mech, 32nd COY 3rd MIB PA, PIU TPPO, San Jose MPS, Camiling MPS, at 304th RMFB3, ang pagsuko nina "Ka June" at "Ka Kalis" sa Tarlac.

Kasabay ng pagbabalik-loob ni "Ka June" ay ang kanyang pagsuko sa isang (1) unit ng Cal. 38 revolver na may tatlong (3) bala.

Samantala, pinangunahan din ng City Intelligence Unit, Olongapo City Police Office (CIU-OCPO), Provincial Intelligence Team, Zambales-Regional Intelligence Unit 3 (PIT-Zam-RIU3), City Mobile Force Company (CMFC)-OCPO, 25th Special Action Company (25SAC)-2nd Battalion-PNP-SAF, 70 Infantry Battalion, Philippine Army (70 IB, PA), Maritime Police Station (MARPSTA), Olongapo City, ang pagsuko ni "Ka Battery" sa Olongapo City.

Sinisiguro naman ni PBGen De Leon na hindi sila titigil sa kanilang kampanya upang sugpuin ang insurhensya sa kanilang nasasakupan.






# Home-made firearms, nakumpiska sa CDO



**Inihain ng Cagayan De Oro City Mobile Force Company sa pangunguna ni PLt Emmanuel Murillo ang Search Warrant na inisyu ni Hon Dennis Alcantar kay Jerry N Gomez sa paglabag sa RA 10591 noong Oktubre 12, 2021 sa B10, H35 Phase 2, Brgy. Macapaya, Camaman-an, Cagayan de Oro City.**

Nakuha sa kanya ang isang (1) improvised homemade sumpak, isang (1) 1911 Replika Cal 45 kasama ang brand colt 9mm. Dinala ang mga ito sa Regional Crime Laboratory at sa issuing court para sa pagsasampa ng kaukulang kaso.

Ayon kay PCol Aaron M Mandia, Acting City Director ng Cagayan De Oro City Police Office, mariin na pinapaalalahanan ang publiko na ipinagbabawal ang pagkakaroon ng mga walang dokumento na baril, bala, improvised devices o anumang pagkakapareho ito at sa halip ay isuko ang mga ito sa awtoridad.

Hinihimok din ni PCol Mandia ang publiko na mag-ulat sa pinakamalapit na istasyon ng pulis sa lungsod kung may kilala silang indibidwal na mayroong mga hindi lisensyadong baril. Maaari rin humingi ng agarang tulong at aksyon sa 0917-771-3663.

# Mayoralty candidate sa Maguindanao, huli sa P5-M anti-illegal drug ops



*Photo Courtesy: PDEA*

**Pinuri ni Philippine National Police (PNP) Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang pagkakadakip sa isang kandidato sa pagka-Mayor sa Midsayap, Cotabato matapos masangkot sa iligal na droga.**

Ayon kay Eleazar, ito ay patunay na hindi tumitigil ang PNP sa pagtugis sa mga kriminal, kabilang ang mga kakandidato na magiging 'peace spoilers' sa darating na halalan.

"I commend our operatives who carried out this operation for heeding to my call to monitor the illegal drugs activities of some erring candidates in order to ensure that drug money will not be used to fund their bid for the 2022 local and national elections. We will not be distracted in our determination to further cripple the operational capability of illegal drugs syndicate in the country," pahayag ni PGen Eleazar.

Naaresto sa operasyon ng PNP, AFP at PDEA ang 52-anyos na si Tom Nandang o Datukon Nandang na tatakbo bilang Mayor sa bayan ng Northern Kabuntalan sa Maguindanao.

Narekober ng mga awtoridad mula sa suspek ang P5-milyon tinatayang halaga ng hinihinalang shabu at isang cal. 45 pistol.

"I am reiterating my warning against political aspirants with connections to criminal groups, you will be arrested. The PNP will stop you from using your guns and goons to try to steal the elections from our kababayan. Hindi titigil ang inyong PNP sa pagtugis sa mga narco-politicians at iba pang mga pulitiko na may kinalaman sa mga criminal groups. We will not allow them to use their illegal connections to undermine our democratic process," giit ng hepe.

Si Nandang ay nasa kustodiya ng PDEA habang inihahanda pa ang mga kasong isasampa laban sa kanya.

Ipinag-utos naman ni PGen Eleazar ang karagdagang imbestigasyon upang matukoy ang posibleng mga kasabwat ni Nandang sa kanyang mga iligal na gawain.

# P600K halaga ng marijuana, nasabat; suspek, huli sa Davao Oriental

**Mahigit kumulang limang (5) kilo ng marijuana na may Dangerous Drug Board (DDB) value na Php370,000 at street value na Php600,000 ang nasabat sa isinagawang buy-bust operation ng mga tauhan ng Mati City Police Station sa pamumuno ni PLtCol Ernesto M Gregory, COP, kasama ang PDEA Davao Oriental, RPCEU 11, RID-PIT, RIU-PIT, at S2 Davao Oriental PPO sa kahabaan ng national highway ng Brgy. Dahican, Mati City, Davao Oriental, noong Oktubre 19, 2021.**

Arestado din sa naturang operasyon ang suspek na isa sa Regional Priority Target #9 at itinuturing na High Value Individual na si Royroy Binawi Malintad, 25 taong gulang at residente ng Nagas, Tomoang, Tarragona, Davao Oriental.

Nakumpiska mula sa operasyon ang Php12,000 kung saan ang Php1,000 dito ay tunay at ang Php11,000 ay ang ginamit na boodle money, isang (1) motorsiklo at isang (1) yunit ng cellphone.

Kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002 ang kinahaharap ngayon ng suspek na nasa kostudiya na ng Mati CPS kasama ang mga nakuhang ebidensya para sa tamang dokumentasyon at disposisyon.



# PNP: P12.2-milyon shabu, nasabat sa Pasay, Tawi-Tawi



**Dalawang (2) suspek ang nasawi at dalawa (2) rin ang arestado matapos ang drug buy-bust operation ang awtoridad sa Tawi-Tawi at Pasay City.**

Batay sa report, nasawi sina Nadzmil Ladja, residente ng Sitangkai, Tawi-Tawi; at Malaysian national Hari Man Bin Sabtula, mula sa Sabah, Malaysia.

Napatay ang mga suspek matapos makipagbarilan sa mga operatiba ng PNP at AFP sa Barangay Pahut, Bongao, Tawi-Tawi noong Oktubre 16.

Narekober mula sa dalawa ang higit-kumulang 1,500 gramo ng hinihinalang shabu na nagkakahalaga ng Php10,200,000 batay sa Standard Drug Price (SDP); 16 bugkos ng boodle money; limang (5) gramo ng marijuana na may SDP na Php600; dalawang (2) ID; dalawang (2) .45 pistol Armscor; at yellow motorized boat.

Samantala, sa isa pang operasyon na ikinasa ng PNP-Drug Enforcement Group, naaresto sina Emmanuel Bartolome aka "Jonjon", 42 anyos; at Eliza Aurelio aka "Dang", 35 anyos, pawang residente ng Barangay Baclaran, Parañaque City.

Nakumpiska sa mga suspek ang 300 gramo ng shabu na may SDP na Php2,040,000; assorted identification cards; at dalawang (2) cellphone.

Patuloy ang masigasig na operasyon ng pulisya para pagpapaigitng ng kampanya nito kontra iligal na droga sa bansa.

# Halos 3-kilo ng marijuana, nasabat sa Tondo

**Timbog sa Oplan Sita ng Manila Police District (MPD) ang isang 27-anyos na lalaki makaraang mahulihan ng halos tatlong (3) kilo ng marijuana sa Tondo, Manila noong Oktubre 20, 2021.**

Dakong alas-dos ng hapon nang magsagawa ng Oplan Sita ang Police Station 2 at nadakip ang suspek na si Judem Alleck Padilla, residente ng Barangay 14, Tondo.

Ayon kay PLtCol Magno Gallora, kasalukuyan ang kanilang Oplan Sita nang mamataan ang isang tricycle na biglang huminto ng ilang metro bago ang checkpoint.

Aligaga at nagmamadaling bumaba at naglakad si Padilla bitbit ang malaking box habang ang tricycle ay umikot na papalayo sa Oplan Sita.

Nang lapitan at siyasatin ng kapulisan ang bitbit ng suspek, tumambad ang limang (5) speaker na naglalaman ng pitong (7) bloke ng pinatuyong dahon at fruiting tops ng marijuana na tinatayang may timbang na 2.950 kilo at nagkakahalaga ng Php354,000.

Sa presensya ng opisyal ng barangay at kinatawan ng media, isinagawa ang pagmamarka at imbentaryo sa mga nasabat na ebidensya.

Kasalukuyang nakakulong ang suspek sa MPD PS2 at nahaharap sa kasong paglabag sa RA 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002.



THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PHILIPPINE NATIONAL POLICE

PULIS SERBIS BALITA

#PNPKAKAMPIMO

Volume V No. 42 * Oktubre 16 - 22, 2021 * Visit our Facebook Page: PULIS SERBIS BALITA Email Add: pnppublications@pcadg.gov.ph

# Pulis-Leyte, namahagi ng pangkabuhayan sa mga nagtapos ng Rehab Program





**Namahagi ng pangkabuhayan ang mga kapulisan para sa mga nagsipagtapos ng community-based rehabilitation program sa munisipalidad ng Barugo sa Leyte.**

Ang community-based rehabilitation program ay naglalayong mareporma ang mga nalulong sa iligal na droga at bigyan sila ng pagkakatao na mamuhay muli ng normal.

Bawat isa sa kanila ay nakatanggap ng P10,000 livelihood packs mula sa Barugo Municipal Police Station at sa Local Government Unit (LGU).

Namili rin sila kung anong negosyo ang nais nilang matanggap tulad ng sari-sari retail store, rice retail store, RTW, hog raising, cow raising at pagtitinda ng isda.


Samantala, pinapurihan ni Philippine National Police Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang mga tauhan ng Barugo MPS dahil sa kanilang inisyatibo sa kabila ng krisis dulot ng pandemya.

"Sa kabila ng agresibo nating kampanya laban sa iligal na droga, nais din nating ipaabot sa ating mga kababayan na agresibo din ang inyong PNP sa mga programa upang tulungan ang ating mga kababayan na nalihis ng landas at nais magbagong buhay," ani PGen Eleazar.

"Malaking bahagi ng kanilang pagbabagong-buhay ang pagpapakita ng kalinga sa kanila at pagbibigay ng tulong upang makapag-umpisa silang muli na mamuhay ng normal sa kanilang mga komunidad," dagdag aniya.

# Bag na naglalaman ng P20K, isinauli sa mag-asawang pulis sa may-ari





**Isinauli ng tapat na mag-asawang pulis ang kanilang napulot na bag na naglalaman ng P20,000 sa Baler, Aurora.**

Ayon sa mag-asawa na sina Police Corporal Chester Alibin mula Aurora Police Provincial Office at Police Corporal Lynette Reynoso-Alibin ng Baler Police Station, natagpuan nila ang naiwang bag bandang 2:00 ng hapon noong Oktubre 21 sa Barangay Pingit, Baler.

Nang kanilang buksan ang bag upang matukoy ang pagkakakilanlan ng may-ari, tumambad ang wallet na naglalaman ng P20,069 at iba't ibang ID ng may-ari.

Agad nakipag-ugnayan ang mag-asawang pulis sa nagmamay-ari ng bag at isinauli ito kasama ang pera.

Pinapurihan ni PNP Chief, Police General Guillermo Lorenzo T. Eleazar ang katapatan na ipinamalas ng dalawang pulis.

"Saludo ako sa mag-asawang pulis na ito na naging tapat at ginawa ang tama sa kabila ng hirap na dinaranas nating lahat ngayong pandemya. Sana ay tularan sila ng iba pa sa ating hanay," ani Eleazar.

# 'Ambulansya de Paa' para sa isang buntis sa Nueva Vizcaya

Nakatanggap ng tawag ang Ambaguio Police Station noong Oktubre 22, 2021 hinggil sa isang buntis na kasalukuyang nagle-labor at nangangailangan ng tulong upang madala sa ospital.

Agad rumesponde ang Ambaguio PS, sa pangunguna ni PLt Christian Vincent Tomas, at tumungo sa Sitio Paga ng Barangay Poblacion, Ambaguio upang dalhin ang buntis na ginang sa pinakamalapit na ospital.

Dahil sa kawalan ng stretcher, gumamit ng kumot at buho ang mga kapulisan upang mabuhat ang Ginang mula sa tahanan nito patungo sa kinaroroonan ng PNP patrol car.

Sa tulong ng mga pulis at residente sa lugar, ligtas na naidala ang buntis na Ginang sa Region 2 Trauma and Medical Center sa Bayombong, Nueva Vizcaya upang doon isilang ang kanyang sanggol.

Hay Salamat, may pulis!

